Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-206-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Hinggil sa sumbong ng PTA, Central I, may kinalaman sa basura sa likod ng pamilihang bayan na lubos na nakapipinsala sa mga mag-aaral ay pinagpasiyahan ng kapulungan na tawagan ng pansin ang Pambayang Tagapangasiwa upang mahakot sa lalong madaling panahon ang basurang nabanggit. Idinagdag pa ni Kag. Puzon na magkaroong ng kampanya upang maipaalam sa mga mamamayan ang araw ng daan ng trak ng basura upang maging handa ang mga mamamayan.

**********

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXV-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng halagang ISANDAAN DALAWAMPUNG LIBONG PISO (₱120,000.00) mula sa kabang bayan, matapos ang pagtitibay ng Pambayang Ingat-yaman na mayroong sapat na halagang magagamit, upang iukol sa pagbili ng dalawampung (20) "set" na "VHF Radio Communication" na gagamitin ng mga Tanggapan ng Sangguniang Bayan at ng ilang barangay sa bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

**********

Hinggil naman sa kahilingan ng Samahan ng mga Punong-barangay sa kapulungan na humihiling ng karagdagang "allowance" sa pamahalaang bayan ay pinagpasiyahan ng kapulungan na hingin ang kuru-kuro ng Panlalawigang Taga-siyasat at ng Panlalawigang pinuno ng Badyet.

**********

KAPASIYAHAN BLG. 149-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Lijauco na pinangalawahan ni Kag. Marcelo)

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMOFOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad